Mga nilalaman:

Itigil at labanan ang Balikatan!- P4

Pinakamalaking Balikatan *exercises*- P5

Umento sa sahod, ngayon na!- P6

Ang deka-dekadang pakikibaka sa lupa ng mga magsasaka sa YKR- P8

Matuto sa kasaysayan:pinsala ng mina- P11

Palawan, Mindoro kinokonsidera para sa *nuclear facilities* - P13

Tuluy-tuloy na pakikibaka ng mamamayan sa Brooke's Point- P15

# Ang Pulang Larangan

TOMO VIII BLG.2 REBOLUSYONARYONG PAHAYAGANG MASA SA PALAWAN ABRIL-HUNYO 2023

## Pabulwakin ang malawak na kilusang anti-imperyalista laban sa lantarang pagiging papet at sagadsarang pangangayupapa ng rehimeng Marcos II sa imperyalismong US

Garapal at walang anumang pagpapanggap ang rehimeng US-Marcos II sa pagiging sunud-sunurang aso ng imperyalismong US. Iniangat niya sa bago at mas mataas na antas ang pagiging papet ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas sa US sa natapos na pulong niya at ni Joe Biden nitong Mayo. Ayon sa Partido Komunista ng Pilipinas, ang Bilateral Defense Guidelines na binuo nina Marcos II at Biden ang nagsemento sa estratehiya ng US na gamitin ang Pilipinas bilang base sa Asia-Pacific. Resulta nito ang tiyak na mas pinaigting na panghihimasok at pangingialam ng US sa lahat ng usapin sa Pilipinas, at kasabay nito, ang pagpapasunod sa Pilipinas, at sa armadong tropa nito saanman sila gustong isubo ng US.



Ang pagpupulong nina Marcos II at Biden ay lundo na ng ilang panahong paghahanda ng dalawang panig mula nang maluklok si Marcos. Matatandaang noong Nobyembre ng nakaraang taon ay bumisita sa bansa si US Vice President Kamala Harris para selyuhan ang ilang kasunduan sa Pilipinas—pagdaragdag ng lima pang base militar nito sa bansa sa ilalim ng makaisang panig na Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at ang 123 Agreement na nagpapahintulot sa pagtatayo ng pasilidad nukleyar sa bansa sa tabing ng pagpapalakas ng industriya sa enerhiya. Kapalit nito ang $66.5 milyong pondo para sa karagdagang base militar at $100 milyon pautang para sa mga gamit-militar.

Sinundan ito ng Bilateral Strategic Dialogue nitong Enero sa pagitan ng mga opisyal sa depensa at diplomasya ng US at Pilipinas para umano sa tulungan sa usaping panseguridad sa South China Sea at mga proyektong imprastruktura para sa kaunlarang pang-ekonomya ng Pilipinas. Sa sumunod na buwan ng Pebrero naganap ang pagbisita ni US Defense Secretary Lloyd Austin para sa pagdedeploy ng mga tropa at armas militar ng US sa mga kampo militar ng AFP.

Pinaigting din at higit na dumalas ang mga pagsasanay militar ng US at iba pang kaalyado nitong bansa tulad ng Australia at Japan, kasama ang papet na AFP. Nakapokus ang serye ng mga Balikatan ngayong taon sa pagpapalakas umano ng kapabilidad sa depensa ng AFP at *coast guard*. Inilunsad nitong Abril ang pinakamalaking Balikatan *exercise* sa bansa sa kasaysayan na nilahukan ng 17,600 tropa kung saan ang 12,000 ay tropang kano, 5,000 ang tropang Pilipino at 111 ang tropang Australian. Inilunsad ito sa mga bayan sa Central Luzon at Palawan na pawang mga nakaharap sa South China Sea. Samantala, inilulunsad mula nitong Mayo ang isa pang pagsasanay-militar sa pagitan ng US at Japan *coast guard* sa baybayin ng Bataan sa Central Luzon.

Bilang pinakamatandang alyado ng US sa Asia at susing larangan nito sa hegemonya sa Asia-Pacific at laban sa China, sadyang pinaiigting ng US ang saklot nito sa Pilipinas. Kung lilingon pa tayo nang mas malayo, ang ginawang ito ni Marcos II ay resulta ng mas mahaba nang pangangayupapa sa US ng nagpalit-palitang papet na rehimen mula kay Ramos, matapos patalsikin ng nagkakaisang pagkilos ng bayan ang mga base militar ng US sa bansa. Mula 1992, nagsikap ang US na ilihim ang kanyang base at panghihimasok-militar sa bansa hanggang 1998 matapos pagtibayin ng rehimeng US-Estrada ang Visiting Forces Agreement. Ang papet na rehimeng US-BS Aquino ang muling nagligalisa sa pananatili ng mga base militar ng US sa bansa sa pamamagitan ng EDCA. Ginawang pundasyong tuntungan ng mga ito ang 1947 Mutual Assistance Agreement at Mutual Defense Treaty ng 1951 na naglatag ng mala-kolonyal na pang-aaliping militar nito sa Pilipinas.

May kagyat at pangmatagalang epekto sa mga Palaweño ang hakbanging ito ng rehimeng Marcos na todong pagpapakatuta sa imperyalismong US. Dinagdagan pa ang base militar ng US sa probinsya sa pagtukoy na kabilang ang istasyon ng Naval Forces West sa Balabac, bilang karagdagang base militar ng US. Dagdag ito sa Antonio Bautista Air Base at sikretong base sa Naval Station Carlito Cunanan sa Oyster Bay sa loob ng mayamang Ulugan Bay, kapwa sa Puerto Princesa City.

Pangangamkam ng lupa at kabuhayan, dislokasyon at ibayong paglabag sa karapatang pantao ng mga Palaweño ang tiyak na idudulot nito. Liban pa rito ang madalas na pagsasanay-militar at *war games* ng mga tropang imperyalista at kolonyal sa iba't ibang bahagi ng probinsya na nagdudulot ng perwisyo sa aktibidad ng mamamayan at labis na takot sa walang-patumanggang mga pagpapaputok at pagpapasabog ng mga pasista. Sa presensya ng tatlong base militar ng US sa probinsya, tiyak na itong magiging target ng mga pag-atake ng China sakaling sumiklab ang gera sa pagitan nito at ng US. Hindi nga ba't ang pangunahing

## Ang Pulang Larangan

*Ang **Ang Pulang Larangan** ay ang rebolusyonaryong pahayagang masa sa Palawan.*

*Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas sa lalawigan ng Palawan sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.*

*Bukas ang pahayagang ito sa mga pagwawasto, komentaryo, mungkahi at ambag na lathalain.*

layunin ng pinakamalaking Balikatan nitong Abril ay pamilyarisahin ng mga tropang US ang kalupaan ng bansa kabilang ang Palawan na nakaharap sa mga base militar ng China sa South China Sea?

Para gawing katanggap-tanggap, todo-buhos ng pondo at ayuda ang US at iba pang imperyalistang institusyon sa probinsya na pinagpipyestahan ng mga lokal na burukrata at naghaharing-uri. Kabilang dito ang $1.2 milyon o P64 milyon suportang pinansyal mula sa gubyernong US sa pamamagitan ng USAID para sa apat na *non-government organizations* (NGO) sa probinsya para umano sa mga proyektong mangangalaga sa *biodiversity* at iba pang likas na kayamanan sa probinsya. Isang kabalintunaang habang dinadambong at winawasak ng mga dayuhang negosyo, operasyon at mga kampo militar ang likas na yaman sa Palawan ay namumudmod ito ng limos—para pahupain ang galit ng mamamayan. Ipinangangalandakan din ang ayuda ng USAID para palakasin umano ang serbisyo sa *internet* sa ilang probinsya sa bansa kabilang ang Palawan, na kung susuriing mabuti ay ang mga pasilidad at base ng US ang pangunahing pakikinabangan nito.

Kakoro ng pambansang gubyerno ang lokal na gubyerno ng probinsya sa pangunguna ng pangkating Socrates-Alvarez sa todong pagpapakatuta sa US. Palibhasa nakakapangkulimbat mula sa burukratikong pandarambong, bukas-palad ito sa anumang ihain ng US—proyekto, ayuda, maging mga bala at bomba. Nakapagngingitngit na wala itong anumang pagtutol, bagkus ay todo-suporta pa sa isinusulong na pagtayuan ng pasilidad ng *small modular reactor* (SMR), isang plantang nukleyar na napakamahal, mataas ang risgo at panganib. Mismong si Jose Chavez Alvares (JCA), dating gubernador at kasalukuyang kongresista ng 2nd district ng probinsya ang nagbibigay-katwiran sa proyekto gamit ang di-estableng suplay ng kuryente sa probinsya at buong bansa.

Tahasang pagyurak sa teritoryal na integridad at soberanya ng bansa ang pinasok ni Marcos II. Ano pa nga ba ang aasahan sa traydor na si Marcos, mga lokal na burukrata sa Palawan at mga kasapakat nitong pamilya ng mamamatay-taong sina Duterte at Arroyo na wala man lang ni kusing na pagmamalasakit sa masang Pilipino. Wala silang ibang layon kundi patatagin ang kapit sa estado poder at pakinabangan at pagtubuan ang lahat ng proyekto at pondo ng bayan. Hindi sila natitigatig, bagkus ay tahasang tinatalikdan ang responsibilidad sa bayan sa kabila ng nakaambang panganib sa mamamayang Pilipino.

Bukod pa rito, higit na magiging agresibo ang pangingialam ng mga tropang US sa mga internal na usaping pambansa kabilang ang kontra-rebolusyonaryong gera ng estado. Habang wala pang gera sa China, ginagamit na ang mga bago at modernong armas, sasakyan at mga kagamitang militar laban sa rebolusyonaryong kilusan, maging sa mamamayan. Ang paggamit ng labis na armas tulad ng malalakas at labis na mapamuksang pasabog, kahit sa isang lehitimong digma ay ipinagbabawal ng pandaigdigang makataong batas kaugnay ng panuntunan sa *proportionality*. Pero para sa mga barbarong tulad ng AFP-PNP-CAFGU at sundalo ng US, walang panuntunan ang makapipigil sa kanilang layuning puksain ang lahat ng sagabal sa kanilang makasariling interes.

Dapat batikusin, tutulan at labanan ng bayan ang todong pangangayupapa ng rehimeng US-Marcos II at mga lokal na kasabwat sa probinsya sa imperyalismong US. Walang pakinabang ang mamamayan dito kundi panganib at pinsala sa buhay, kabuhayan, ari-arian at likas na kayamanan nila at ng buong bansa. Pinatitindi lamang nito ang pagiging malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino na lalong nagsasadlak sa masang Pilipino sa ibayong kahirapan at karalitaan. Dapat ibunsod at pabulwakin sa probinsya at buong bansa ang isang malawak na kilusang masang anti-imperyalista laban sa rehimeng US-Marcos II at imperyalismong US. Ikawing ang mga pakikibakang pang-ekonomya sa pakikibakang anti-pasista at itaas sa anti-imperyalistang pagkilos ng bayan. Tanging ang isang malakas at malawak na kilusang masa ng iba't ibang aping uri at sektor sa bansa ang makapipigil sa lahat ng imbing pakana ng sinumang buhong at pasista.

Ang malapad na kilusang masang ito ay dapat suportado ng matibay na bag-as ng kilusang lihim at armadong kapangyarihan sa kanayunan. Pinatunayan ng kasaysayan na ang makapangyarihang lakas ng masang api tangan ang pinakamatalas na punyal na digmang bayan ang makapagpapalayas kahit sa pinakamalakas na imperyalistang kapangyarihan at pinaka-pasistang rehimeng namayani sa isang bansa.

**MGA KASUNDUANG MILITAR SA PAGITAN NG US AT PILIPINAS**

**Military Assistance Agreement ng 1947**– itinakda ang patuloy na kontrol ng US sa lokal na reaksyunaryong hukbo sa pamamagitan ng Joint US Military Advisory Group o JUSMAG. Ang JUSMAG ang tagapayo at tagasanay sa papet na hukbo at nagpapahiram o nagbebenta rito ng armas at iba pang kagamitan.

**RP-US Mutual Defense Treaty ng 1951**– nagpalawig sa ligal na karapatan ng imperyalistang US na arbitraryong makapanghimasok sa mga usaping panloob ng Pilipinas na ipinatupad sa bansa mula 1952.

**Acquisition and Cross-Servicing Agreement ng 1992**– nagbibigay-laya sa mga pwersang militar ng US na pumasok at gumamit ng anumang pasilidad saanmang dako ng bansa at kailanman nila naisin.

**Visiting Foces Agreement ng 1998**– pinahintulutan ang mga pwersang militar ng US, gaano man kalaki, na gumamit ng anumang bahagi ng Pilipinas, at anumang pasilidad at pagkukunan ng suplay sa Pilipinas anumang oras at gaanuman katagal, nang hindi sinasaklaw ng hurisdiksyon ng mga korte sa Pilipinas.

**Mutual Logistics Support Agreement ng 2002**– nagpapahintulot sa US na gamitin ang lahat ng daungan at mga pasilidad militar sa buong bansa, para sa lahat ng uri ng hayag at lihim na mga aktibidad gaya ng mga pagsasanay at ehersisyong militar, mga operasyon at *deployment* ng tropa.

**Enhanced Defense Cooperation Agreement ng 2014**– nagpahintulot sa militar ng US na magtayo ng restriktadong mga pasilidad militar sa loob ng mga kampo ng AFP at ibang pinagkasunduang mga lokasyon. Pinayagan nito ang mas madalas na mga ehersisyong militar ng US, pagdadaong ng *navy* at iba pang mga operasyon. Ibinigay nito sa militar ng US ang tuwirang superbisyon sa ispesyal na pwersang pulis sa pagsasagawa ng operasyon na humantong sa pangyayari sa Mamasapano.

PULANG GIYA

Pahayag ni Andrei Bon Guerrero
Tagapagsalita
Bienvenido Vallever Command- NPA Palawan
Abril 18, 2023

# Itigil at labanan ang Balikatan Exercises! Palayasin ang mga sundalo ng imperyalismong US sa Pilipinas!

Mariing kinukundena ng Bienvenido Vallever Command-NPA Palawan ang kasalukuyang nagaganap na Balikatan Exercises sa South China Sea sa pagitan ng mga mersenaryong tropa ng imperyalismong United States, Pilipinas at Australia.

Nagsimula ang pagsasanay militar noong Abril 11 na magtutuluy-tuloy hanggang Abril 28. Ito ang pinakamalaking pagsasanay militar sa buong kasaysayan na inilunsad sa rehiyong Indo-Pasipiko na nilahukan ng halos 18,000 tropa (humigit-kumulang 12,000 Amerikano, 5,000 Pilipino at 100 Australiano). Tampok na nilalaman ng Balikatan ngayong taon ang *live-fire exercise* na magpapabagsak sa isang barko–ehersisyong gagawin sa kauna-unahang pagkakataon sa nakaraang 38 taon. Malinaw sa ganitong mapang-upat na katangian ng pagsasanay ang opensibang aksyon ng US at higit na pagpapaigting ng tensyon sa pagitan ng US at China.

Sa esensya, pagpapaigting ito ng interbensyong militar ng US sa Pilipinas at tahasang paglabag sa soberanya ng bansa. Nakatudla ang mga pagsasanay militar sa pagpapataw ng mas malaking kapangyarihan ng US sa Asia upang maghanda sa napipintong inter-imperyalistang digmaan. Hindi nito layunin na depensahan o ipagtanggol ang Pilipinas, ni ang tulungan ang bansa na magmodernisa sa depensa nito. Ang pagsasanay ng mas malaking bilang ng tropang Amerikano sa tereyn at dagat ng Pilipinas ay upang makapagpamilyarisa ito sa teritoryong saklaw ng Pilipinas na inihahanda niyang lunsaran ng digma laban sa China at digma laban sa sambayanang Pilipino.

Sa ganitong senaryo, paniguradong maiipit sa pagitan ng dalawang imperyalistang higante ang Pilipinas. Nagaganap ang pagsasanay matapos na ideklara ni Marcos II ang apat na lugar na tatayuan ng base militar ng US sa Pilipinas, dagdag sa naunang lima sa ilalim ng rehimeng US-Aquino II. Natatangi ang Palawan sa rehiyon ng Southern Tagalog sa lulunsaran ng mga aktibidad militar nito, kasama ang Northern Luzon, Central Luzon at Western Visayas. Matatandaang kabilang ang Balabac Islands sa Palawan sa bagong pagtatayuan ng mga base militar ng US bilang pangharap sa WPS, dagdag sa Antonio Bautista Air Base at Naval Station Carlito Cunanan sa Puerto Princesa City. Tulad ng nakaraan, ipapakita at pagtitibayin ng kasalukuyang Balikatan ang kontrol ng US sa doktrina at mga operasyon ng AFP, kabilang ang Western Command na isa sa mga mayor na kalahok kasama ng Northern

Luzon Command at Visayas Command. Paiigtingin nito ang pagpapatupad ng mga operasyong kontra-insurhensya na bibiktima sa mga sibilyang Palaweño.

Tiyak na magiging salot sa kabuhayan at magreresulta ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng mga Palaweño ang kasalukuyang Balikatan. Hindi malayong maranasan din ng mga Palaweño sa mga susunod na araw ang kinahaharap ng mga mangingisda sa Zambales na 18 araw na pagbabawal sa kanilang mangisda habang may Balikatan. Gayundin, maririnig ang kaliwa't kanang putok ng mga baril, pagsabog ng mga bomba at *missile*, kabi-kabila rin ang nagliliparan at naglalayag na mga sasakyang pandigma at nag-iikot na mga mersenaryong armadong tropang Amerikano sa West Philippine Sea (WPS) na magdudulot ng takot at teror sa hanay ng mamamayan ng Palawan.

Dapat na manindigan at ipagtanggol ng mamamayang Palaweño, kasama ng buong sambayanang Pilipino ang kalayaan ng bansa laban sa pagsusubo ng imperyalismong US sa Pilipinas sa unahan ng digmaan. Dapat na itigil ang mapanghamong Balikatan Exercises at ibasura ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at iba pang hindi pantay na tratadong militar ng bansa sa US. Dapat palayasin ang lahat ng pasistang tropa, kanilang base at mga kagamitan at sandatang militar ng US sa Pilipinas. Gayundin, dapat palayasin ang lahat ng barkong pandigma ng China na lumalabag sa teritoryong pandagat ng Pilipinas at nagkakait sa kabuhayan ng mga mangingisdang Palaweño. Kundenahin ang rehimeng Marcos II sa pagkakanulo nito sa kasarinlan at soberanya ng bansa sa imperyalismong US at pagiging bahag naman ang buntot sa imperyalismong China. Ipaglalaban ng BVC-NPA Palawan at buong pambansa-demokratikong pwersa ang soberanya ng bansa laban sa papatinding agresyon at pananalakay ng mga imperyalista. Ang pagsampa sa NPA ng maraming patriyotikong Pilipino ang higit na magpapasulong sa digmang bayan hanggang mawakasan ang paghahari ng imperyalismo at makamit ang tunay na kalayaan ng bansa! APL

BALITA

# Pinakamalaking Balikatan *exercises*, inilunsad sa Palawan



Ginanap ang Balikatan *exercises* sa iba't ibang lugar sa Pilipinas noong Abril 11-28. Ito ang pinakamalaking pagsasanay militar sa buong kasaysayan na inilunsad sa rehiyong Indo-Pasipiko na nilahukan ng halos 18,000 tropa (humigit-kumulang 12,000 Amerikano, 5,000 Pilipino at 100 Australiano). Pinangunahan ng Western Command (WesCom) ang mga ehersisyong inilunsad sa Palawan.

Sa Brgy. Punta Baja, Rizal, kalahok sa pagsasanay ang 18th Army Special Force, Philippine Coast Guard (Special Operation Group) at delegado ng Australia. Kabilang sa mga aktibidad ang makatotohanang pagsasanay para umano sa epektibo at mabilisang pagsasagawa ng 'resupply mission' sa mga liblib na lugar.

Sa Brgy. Magarwak, Sta. Lourdes, Puerto Princesa City, nagsagawa ang 3rd Marine Brigade at mga *unit* nito ng *visit, broad, search, and seizure exercises* (VBSS). Kalahok din ang PCG, 2nd Special Operations Unit ng PNP Maritime Group at sundalong Amerikano. Nakakubli ang pagsasanay sa pagpapabilis at pagpapataas ng kapabilidad at epektibidad sa pagitan ng magkaalyadong tropa sa diumanong pagpapanatili ng seguridad pang-dagat. Nagtapos ang "Balikatan" sa punong humpilan ng Joint Task Force Malampaya sa El Nido, Palawan.

Ayon kay Andrei Bon Guerrero ng BVC-NPA Palawan, "sa esensya, pagpapaigting ito ng interbensyong militar ng US sa Pilipinas at tahasang paglabag sa soberanya ng bansa. Nakatudla ang mga pagsasanay militar sa pagpapataw ng mas malaking kapangyarihan ng US sa Asia upang maghanda sa napipintong inter-imperyalistang digmaan." APL

# Umento sa sahod, ngayon na!

Para maibsan ang labis na paghihikahos ng mga manggagawa, nararapat na ibigay sa kanila ang nakabubuhay na sahod o *living wage* na tutugon sa mga batayang pangangailangan ng isang pamilya laluna sa pagkain. Kinakailangan ang P1,162 kada araw na sahod para sa isang lima-kataong pamilya sa mga lalawigan ng MIMAROPA ayon sa pag-aaral ng IBON Foundation. Malayung-malayo ito sa P355 na arawang sahod na itinakda ng *regional wage board* sa rehiyon.

Sa kakarampot na kita ng mga manggagawa, kulang na kulang ito para sa gastusin ng kanilang pamilya. Inamin mismo ng reaksyunaryong gubyerno ang katotohanang ang probinsya ng Palawan ang may naiulat na pinakamataas na bilang ng mga bayang may mataas na antas ng kahirapan (poverty incidence) na kinabibilangan ng mga munisipalidad ng Araceli, Agutaya, Balabac, Busuanga, Coron, Dumaran, El Nido, Linapacan, Magsaysay, Quezon, San Vicente at Taytay.

**Ang kalagayan ng lakas-paggawa sa MIMAROPA at Palawan**

Ayon sa datos mismo ng gubyerno, lumiit ang tantos ng empleyo na 92.1% sa rehiyon noong 2021 mula sa 95.67% bago ang pandemya na itinuturo nilang resulta ng pagluwas (migration) ng masa sa mga sentrong kabayanan sa CALABARZON at NCR para mamasukan. Sa kabila ito ng paglaki ng 10.5% ng populasyong nasa tamang edad ng pagtatrabaho mula sa 1,221,000 noong 2020 tungong 1,351,00 noong 2021. Kasabay ding lumaki ng 5.34% ang tantos ng lumahok sa pwersang paggawa mula sa 59.58% noong 2020 tungong 64.92% noong 2021. Mataas din umano ang tantos ng empleyo sa rehiyon ng 2.41% kumpara sa karaniwang pambansang tantos na empleyo na 89.74%.

Kalakhan ng empleyong nabanggit ay matatagpuan sa iba't ibang subsektor sa agrikultura na karaniwang umaambag ng 57.49% ng halaga ng mga produktong agrikultural ng rehiyon mula 2017 hanggang 2020. Mayroon ding mga nag-eempleyo sa pagbebenta ng produkto at serbisyo na kabilang sa pinakamalaking kontribyutor sa ekonomya ng MIMAROPA. Liban pa ang mga nagtatrabaho sa mga produksyong pang-eksport at ganundin sa serbisyo.

Partikular sa Palawan na probinsyang pangunahing nakasalig sa agrikultura, kalakhan ng lakas-paggawa nito ay mga magsasaka at manggagawang bukid habang may maliit na bilang ng mga manggagawa sa minahan at serbisyo. Gayunman, may signipikanteng bilang ng mga manggagawang-bukid sa Palawan ang nakapailalim sa kapitalistang sistema ng sahurang paggawa sa loob ng mga plantasyon.

**Ang *regional wage board* at neoliberalismo**

Ipinatupad ng mga nangungunang imperyalis-tang kampo ang neoliberalismo para pigain ang napakalaking tubo laluna sa mga bayang pre-industriyal, malapyudal, at atrasadong tulad ng Pilipinas. Isinapribado ang mga pampublikong serbisyo at ipinasa ang krisis sa mga mamamayan at sa mga aping bayan. Higit sa lahat ipinatupad ang "pleksibleng paggawa" para higit pang pagsamantalahan ang lakas paggawa ng mga manggagawa, seguridad sa trabaho at benepisyo. Kasabay nito, inatake ang karapatan sa paggawa laluna ang pag-uunyon habang malawakang ipinatupad naman ang kontraktwalisasyon sa paggawa.

Ang Wage Rationalization Act of 1989 (WRA) at Herrera Law ang mukha ng neoliberal na hambalos sa kilusang paggawa sa Pilipinas. Ginawa nitong ligal ang kontraktwalisasyon at pagsupil sa pag-uunyon, at itinayo ang National Wages and Productivity Council (NWPC) at Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB) na nagtakda ng iba't ibang halaga ng minimum na sahod sa bawat rehiyon. Sinuhayan ito ng pagtatakda ng labis na mababang *poverty threshold*, *employment rate* at *cost of living* ng mga burgis at reaksyunaryong institusyon sa istadistika. Ipinako nito sa napakababang halaga ang sahod sa mga probinsyang malalayo sa NCR, kabilang ang Palawan.

Ngunit sa isang ekonomyang pangunahing nakasalig sa import at eksport, malaking

kabalintunaan ang pag-iiba-iba ng sahod sa mga rehiyon. Kung tutuusin, habang lumalayo ang mga rehiyon sa NCR ay lalong tumataas ang presyo ng mga bilihin. Sa katunayan, naitala noong 2022 na ang presyo ng petrolyo sa Palawan ay P5 mas mataas sa NCR, CALABARZON at maging sa iba pang lalawigan sa MIMAROPA. Ayon sa kwenta ng IBON nitong Abril 2023, mas mataas ng P2 ang kinakailangan ng isang pamilyang may lima-kataong miyembro para mabuhay sa isang araw sa MIMAROPA kaysa sa P1,160 sa NCR.

**Makatuwiran at makatarungan na itaas ang sahod**

Dapat igiit ang kagyat na umento sa sahod at ilapit ang agwat ng halaga nito sa halagang kinakailangan ng isang pamilya para mabuhay sa isang araw. Kasabay nito, dapat patuloy na isulong ang matagalang laban para sa nakabubuhay na sahod—ang *family living wage*. Ang pakikibaka para sa nakabubuhay na sahod ay naglalayong tiyaking mapalitan ang lakas-paggawang inilalaan ng isang manggagawa at makapasok siya sa mga susunod na araw at patuloy na makalikha ng mga produkto para sa kapakinabangan ng lipunan. Dapat igiit ang P1,100/araw na pambansang minimum na sahod sa pribadong sektor at P33,000/buwan na minimum na sweldo ng mga kawani ng gubyerno. Dapat ding buwagin ang mga *regional wage board* na nagtiti-yak ng barat na pasahod sa mga rehiyon at ibasura ang WRA. Kasabay nito, dapat ipanawagang ibaba ang presyo ng mga pangunahing bilihin at serbisyo.

Hindi totoo ang ipinamamarali ng mga monopolyo kapitalista na malulugi at babagsak ang mga negosyo sa pagtaas ng sahod. Ang totoong mababawasan ay ang supertubo ng mga burgesya kumprador at imperyalistang nakikinabang kapwa sa barat na sahod at napakataas na presyo ng mga bilihin. Kaakibat nito, dapat igiit ng mga panggitna o pambansang burgesya ang pagkakaloob ng suporta ng gubyerno sa kanilang mga negosyo.

Ang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa ay may mas malawak na positibong epekto sa ekonomya at lipunan. Hindi lamang ang mga manggagawang sahuran ang makikinabang kundi ang lahat ng sektor ng ekonomya.

Dapat suportahan ng iba't ibang aping uri at sektor ang laban ng mga manggagawa para sa sahod. Kaakibat nito, dapat makiisa ang mga manggagawa sa mga magsasaka at iba pang sektor at uri sa lipunan. Dapat nilang pamunuan ang pakikibaka para maisakatuparan ang pambansang industriyalisasyon na mahigpit na nakaugnay sa tunay na reporma sa lupa. Magagawa ito sa pamamagitan ng masikhay na pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perpektiba na wawasak sa kontrol ng imperyalismong US, burgesyang kumprador, panginoong maylupa at mga ahente nilang burukratang kapitalista. Papawiin nito ang sahurang paggawa at payayabungin ang makabuluhang ambag ng uring manggagawa sa pambansang produksyon at pag-unlad.



# Ang deka-dekadang pakikibaka sa lupa ng mga magsasaka sa Yulo King Ranch

Sa ilalim ng ilehitimong rehimeng US-Marcos, lalong lumala ang kalagayan ng masang magsasaka sa Pilipinas. Walang napala ang mga magsasaka buhat nang maging kalihim siya ng Department of Agriculture. Ibayo niya pang pinatindi ang pagkabangkarote ng agrikultura sa deklarasyong "pagbubukas ng pinto" na nangangahulugan ng pagpapatuloy ng neoliberal na mga patakaran. Ilang dekada nang winawasak ng neoliberalismo ang kabuhayan ng mamamayan, ang lokal na produksyon at ekonomya ng Pilipinas. Sa ngalan ng liberalisasyon sa importasyon, hinayaang tumambak ang mga dayuhang kalakal sa bansa at daganan ang lokal na produksyon, laluna sa agrikultura. Hindi na halos makahinga ang masang magsasaka dahil sa dami ng imported na mga produktong agrikultural. Pinapasan ng mamamayang Pilipino ang bigat ng nagtataasang presyo ng pagkain at batayang pangangailangan, habang napakababa naman ng presyo ng mga produktong bukid ng mga magsasaka at ang sinasahod ng mga manggagawang-bukid sa araw-araw na pagkayod.

Hindi hiwalay dito ang kalagayan ng mga magsasakang Palaweño. Pinakamalaking populasyon ng Palawan ay mula sa uring magsasaka, kabilang na ang mga mag-uuma, mangingisda, kainginero, at pambansang minorya tulad ng Tagbanwa, Palawano, Batak at Molbog. Mula rito, nakasandig ang ekonomya ng Palawan sa sektor ng agrikultura at pangisdaan, kung saan ang tatlong mayor na pananim dito ay palay, mais at niyog. Dahil sa hambalos ng neoliberalismo na nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan, ang iilang malaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at mga burukrata kapitalista, kasabwat ang mga dayuhang korporasyon at kumpanya ang naging pinakamakapangyarihan sa probinsya at silang nakikinabang sa yaman ng Palawan. Sa kabilang banda, inaapi at pinagsasamantalahan ang magsasakang Palaweño sa atrasado, pyudal at malapyudal na sistema. Kahit pa tabingan ng huwad na kaunlarang dulot ng turismo at pagbebenta sa kalikasan ng probinsya sa mga dayuhang mina at iba pang kumpanya, nananatiling lugmok sa kahirapan ang malawak na mamamayang Palaweño.

Ang kahirapang ito ay dulot ng kabiguan ng lahat ng nagdaang rehimen na lutasin ang pangunahing problemang nakaaapekto sa pinakamaraming mamamayan – ang problema sa lupa. Kalakhan pa rin ng mga magsasaka ay walang sariling lupa, patuloy na lumalawak ang pangangamkam ng lupa, at napatunayang huwad ang mga batas sa reporma sa lupa na ipinatupad ng mga nagdaang rehimen. Sa kasalukuyan, sa ilalim ng panibagong Marcos sa estado-poder, mainam at napapanahong muling balikan ang isa sa pinakamalaking kaso ng pangangamkam ng lupa sa buong bansa mula pa noong panahon ng pasistang diktadurang rehimen ng kanyang ama – ang kaso ng Yulo King Ranch (YKR) sa Palawan.

Ang YKR o Busuanga Pasture Reserved ay matatagpuan sa Calamianes Group of Island at sumasaklaw sa 40,000 ektaryang lupain (16,970 sa Busuanga at 22,268 sa Coron). Gamit ang Presidential Proclamation No. 1387, ipinamana ni Ferdinand Marcos Sr sa kroning pamilya ni Luis Yulo at Peter Sabido ang lupain na ginawang malawak na pastuhan ng mga baka at iba pang hayop. Pwersahang pinalayas ng pangkating Marcos-Yulo ang mga magsasaka na naglinang sa lupaing ito mula pa noong dekada 1930 at pinalitan ang pangalan ng lupain tungong Yulo King Ranch, kung saan ang "King" ay walang iba kundi si Marcos.

Bagama't naibagsak ang pasistang diktadurang rehimeng US-Marcos I, hindi naibalik sa mga magsasaka ang lupaing saklaw ng YKR. Nagpasalin-salin na ang YKR sa kamay ng iba't ibang panginoong maylupa at burukrata na may interes dito. Matapos na kumpiskahin ito ng Presidential Commission on Good Governance (PCGG) sa ilalim ng rehimeng US-Aquino I, naipasa ito sa pangangasiwa ng Bureau of Animal Industry (BAI) sa ilalim ng Department of Environment and Natural Resources (DENR). Inalis lang ito sa BAI noong 2010 matapos na mapabayaan nito ang pangangasiwa sa mga baka kung saan mula sa 47,477 baka, bumaba ito tungong 2,565. Kasunod na ipinasa ang pangangasiwa sa YKR sa Forest Management Bureau (FMB).

Malinaw na walang plano ang reaksyunaryong gubyerno na ibalik sa mga magsasaka ang lupa. Isinailalim ito sa CARP at hinati-hati ang pagkakategorya sa lupain upang pakinabangan ng mga panginoong maylupa, debeloper, ispekulador, dayuhang kapitalista at malalaking burgesya kumprador. Ang 12,817 ektarya nito ay nasa kategoryang *alienable and disposable* o lupang


maaaring ipamahagi para gawing sakahan at taniman; ang 2,441 ektarya nito ay pribado at titulado; at ang 10,376 ektarya nito ay idineklarang pampublikong lupain.

Ayon sa tala ng DENR, 1,575 ektarya ang may titulo diumanong naipamahagi na sa ilalim ng CARP at 866 na lamang ang hindi pa naipapamahagi. Gayunman, kakarampot ito at halos hindi napakinabangan ng mga magsasaka. Kung tutuusin pa nga, kabilang ang mga PML na malalapit kay Noynoy Aquino sa nakatanggap ng titulo sa mga ipinamahaging lupa ng YKR. Nakinabang din sa lupain nito ang malaking burgesyang kumprador na pamilyang Zobel de Ayala sa pamamagitan ng kumpanya nitong Globe Telecom na nagrenta at nagtayo roon ng pasilidad. Natapos na't lahat ang CARP sa ilalim ng rehimeng US-Aquino II pero hindi pa rin napapasakamay ng mga magsasaka ang YKR. Karamihan naman ng iilang magsasaka na nakatanggap ng CLOA ay alinman sa nakansela bunga ng iba't-ibang kadahilanan na ang ugat ay ang kahirapan at kawalan ng suporta ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa panahon naman ng rehimeng US-Duterte, inilabas nito ang Executive Order No. 75 na nag-uutos ng pamamahagi umano ng lupang pampubliko, na sinusugan ng lokal na reaksyunaryong gubyerno ng Coron sa paglalabas ng Municipal Resolution No. 67 noong 2019. Gayunman, hindi sinaklaw ng mga nasabing batas ang mga lupaing kinamkam ng mga panginoong maylupa, ang mga lupang dati nang saklaw ng CARP, at ang mga lupang saklaw ng pagpapalit-gamit. Samakatwid, hindi sasaklawin ang YKR na kinamkam ng pangkating Marcos-Yulo, ipinasok sa CARP at ipapaloob sa planong pagpapalit-gamit para sa palalawaking paliparan at mga proyektong pangturismo. Masahol pa, paglilingkurin pa ang bogus na pamamahagi ng lupa ng YKR para sa programang panunupil ng pasistang rehimeng Duterte nang nagpahayag ang DAR noong Abril 2022 sa isang seremonya ng pamamahagi kasama ang AFP-PNP na kabilang sa magiging "benepisyaryo" umano ng pamamahagi ng 800-900 ektaryang lupa ng YKR ang 50 napasuko at "nagbalik-loob" sa rehimen sa programang E-CLIP nito.

Tinatayang palalayasin ang mga magsasaka sa 30 barangay ng Coron at Busuanga. Dahil dito, nagpapatuloy pa rin at aktibo hanggang sa kasalukuyan ang laban ng mga magsasaka para sa lupa ng YKR. Kahit pa may mga bagong batas ngayon ang rehimeng US-Marcos II hinggil sa lupa at agrikultura tulad ng Masagana Rice Industry Development Program, gayundin ang ipinapanukalang National Land Use Law at proyektong *mega-farm*, hindi na umaasa pa ang mga magsasaka ng YKR na ipapamahagi sa kanila ang lupang mula't sapul ay pagmamay-ari nila.

Dahil sa ganitong nagpapatuloy na iskema ng naghaharing-uri, namulat ang mga magsasaka na hindi nila makakamit ang inaasam na lupa kung hindi sila magkakaisa. Binuo nila ang Alyansa ng



mga Mamamayan at Magsasaka sa Yulo King Ranch (ALMMA-YKR) upang ipaglaban ang karapatan sa lupa ng YKR. Gayunman, pasismo ang isinukli sa kanilang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa. Pinaslang ng mga pribadong gwardya ng BAI, FMB at mga sundalo ng 3rd Marine Brigade ang lider-magsasakang si Arnel Figueroa noong 2016 sa harap mismo ng kanyang mga kapwa magsasaka habang sila'y mapayapang nagsasaka sa YKR, at nasugatan naman sa pamamaril ang isa pa. Bukod pa rito ang walang-awang pagpapalayas sa mga magsasaka sa YKR, pandarahas, pagbabanta at intimidasyon, *red-tagging* at sapilitang pagpapasuko sa mga kasapi ng samahang magsasaka.

Ang mayamang kasaysayan ng pakikibaka sa lupa ng mga magsasaka sa Yulo King Ranch ang nagpaunawa sa kanila na hindi sapat ang mga pakikibakang ligal upang lutasin ang malaon na nilang problema sa lupa. Dinilig na ng dugo ng mga magsasakang nakikibaka ang YKR, at dito nila napatunayang dapat na tapatan ng makatwirang dahas ang di makatwirang dahas ng estado ng panginoong maylupa. Nag-aarmas ang maraming magsasakang Palaweño, sumasapi sa Bagong Hukbong Bayan na tunay na hukbo ng uring magsasaka at isinusulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Inilulunsad nila ang rebolusyong agraryo na tatarak sa pyudalismo at neoliberalismo at magpapabagsak sa kapangyarihang pyudal ng mga panginoong maylupa sa kanayunan. Sa pagtatagumpay ng DRB, maitatanghal ang kapangyarihan ng masang magsasaka at iba pang aping uri, makakamit ng mga magsasaka ang kanilang demokratikong karapatan sa lupa at mawawakasan ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. APL

## Mga residente sa Irawan, nilalabanan ang demolisyon

Mariing tinutulan ng mga residente ng Tañedo Subdivision, na nasa Purok Pag-asa, Barangay Irawan, Puerto Princesa City ang itinuturing nilang "iligal" na pagwasak ng kanilang mga kabahayan sa mga unang araw nitong Mayo. Itinutulak ang nasabing demolisyon ng isang Rajeni Dy na bumili umano ng nasabing kalupaan. Ayon kay Concepcion Palay, kasalukuyang *homeowners' association's* (HOA) *secretary*, tahasang sinabi ni Dy na nabili na niya ang buong *subdivision* sa halagang Php 149 milyon.

Sa kasalukuyan, nagsusumikap na itayo muli ng mga residente, na aabot sa 215 kasapian ng HOA, ang mga nawasak nilang bahay pagkaraan ng demolisyon.

Isinaad ni Palay na ang *subdivision* ay nauna nang tinatarget na maging *city housing project* ngunit ang may-ari na si Ricardo Tañedo ay nagdesisyong hindi na ituloy ito bunsod ng mga pampinansyang usapin.

Taong 2022 naisapribado at naging *subdivision* ang lupa, na kung saan ang orihinal na may-ari ay nagbigay ng *special power of attorney* (SPA) *to sell* sa isang Albrando Abellana. Si G. Abellana ang siya ring namagitan at nag-aasikaso sa mga transaksyon sa pagitan nila G. Tañedo at mga miyembro ng HOA.

Ipinaliwanag ni Palay na inaasahang makakapagbigay si Abellana ng halagang Php 35 milyon kay Tañedo upang makumpleto ang kasunduan sa pagitan nila. Samantala, ang mga residente ay nagsagawa naman ng hiwalay na kontrata kay Abellana, na nagsasaad na kinailangan nilang magbayad buwan-buwan ng Php 2,200 kada metro-kwadrado.

Mayroong dalawang *phase* ang buong erya–215 ang kasapian sa Phase 1 habang sa Phase 2 ay 128.

Hanggang sa kasalukuyan, aabot na sa Php 15 milyon ang naibayad ng mga residente kaya tumututol silang itaas pa tungong Php 6,800 o triple ng naunang kasunduan. Katwiran pa ni Palay: "Nandito na kami naka-*invest* na kami, pumayag na kami sa Php 2,200 *per square meter*. Ang nangyari gusto niyang taasan ng Php 6,800 *per square meter* ang lote, so hindi na kami pumayag. Naka-*stick* na kami sa kontrata, bakit mo itataas?" Binabanggit rin niya na tuluy-tuloy ang paggiba ng *demolition team* sa mga tirahan, kahit doon sa mga walang taong nakatira – bagamat wala namang ipinapakitang *court order* si Dy.

"Ang gusto namin ay mapahinto ang pagdi-*demolish* dahil wala naman siyang *court order.* Alam naman natin lahat na bawal tayo magsira ng *properties* na wala tayong kaukulang dokumento. Pinapakita niya na *revoked* na yong SPA, *but how about the contract*?," huling lahad niya.

Ayon naman kay Jesus Quintas, presidente ng nasabing HOA, nagsabit na sila ng mga plakard sa harap ng mga kabahayan upang babalaan ang mga iligal na manghihimasok (trespassers). Pahayag niya, "Gusto ko lang naman ng lupa na matirahan para sa mga anak ko, para magkaroon sila ng masilungan." APL

# MATUTO SA KASAYSAYAN: Ang pinsalang hatid ng dambuhalang mina

Pagpasok ng taon, naging pinakamainit na usaping pambansa ang pakikibaka ng mamamayan ng Brooke's Point laban sa mina–mula sa pinakamatinding pagbaha sa pagsasara ng 2022 at pagpasok ng 2023 hanggang sa barikada ng mga residente laban sa operasyon ng isang kumpanya ng mina. Pero hindi lamang ito usapin sa Brooke's Point kundi bahagi lamang ng mas malaking laban ng mga Palaweño sa mina.

Kabilang sa likas na kayamanang taglay ng Palawan ang rekursong mineral–*nickel*, *copper*, *manganese*, *chromite*, *coal*, *gold*, *limestone*, langis at gasolina. Katunayan, ito ang ikalawa sa pinakamalaking prodyuser ng *nickel* sa bansa, kasunod ng rehiyong CARAGA na nakapaglabas ng 7.86 milyong tuyong metriko tonelada noong 2014. Sa parehong taon, naitala ang Php 11.23 bilyong halaga ng pinrosesong *nickel* at *cobalt* sa planta ng mina sa Rio Tuba, Bataraza na ineksport sa China, Japan at Australia.

Dahilan ito upang konsentrahan ng mga operasyon ng mina ang probinsya, laluna ang Timog na bahagi nito ng mahigit 49 nakahaing aplikasyon sa mina (Mines & Geosciences Bureau, 2021). Sa parehong taon, aabot na sa 28,000 ektarya o 1.89% ng 1.5 milyong ektarya ng kabuuang kalupaan ng probinsya ang nasasaklaw ng mga operasyon ng mapaminsalang mina.

Kakambal ng mga operasyong ito ang kabi-kabilang pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka at pambansang minorya, dislokasyon ng kanilang tirahan at kabuhayan at pagkasira ng kalikasan. Noong 2012, iniulat ng imbestigasyon ng Environmental Management Bureau (EMB) ang pagkasira ng aabot sa 6.8 ektaryang palayan, isang palaisdaan at ang Ilog ng Pinagduguan sa Narra matapos agusan ng *silt water* galing sa Citinickel Mines and Development Corporation.

Noong 2014, muling nag-apaw ang *silt pond* ng naturang kumpanya na nagdulot ng diskolorasyon at kontaminasyon sa mga ilog ng Pasi at Pulot sa katabing bayan ng Sofronio Española na nagdulot ng *fish kill*. Mismong ang MGB ang nag-ulat nito.

Samantala, noong 2017, inireklamo ng lokal na gubyerno ng Brooke's Point ang iligal na pamumutol ng kumpanyang Ipilan Nickel Corporation ng aabot sa 7,000 puno sa kagubatan ng Mt. Matalingahan na isang protektadong lugar. Sa kabila ng mga patunay ay nakabalik-operasyon ang naturang kumpanya ngayong taon. Ang pagkakalbo ng Mt. Matalingahan at iba pang kabundukan sa bayan ang nakikitang mayor na dahilan ng matinding pagbaha pagpasok ng taon.

Noong 2019-2021 naiulat naman ang paglagpas ng kontaminasyon *hexavalent chromium* sa *safe level* sa mga ilog na nakapaligid sa operasyon ng Rio Tuba Mining Corporation (RTMC). Ang mga ilog at sapang ito ang pinagkukunan ng inuming tubig at iba pang makakain ng mga komunidad sa paligid nito na saklaw ng Bataraza. Ang *hexavalent chromium* ay

## MGA MINAHAN SA TIMOG

**Aborlan**

**Narra**
Citinickel Mines & Dev't Corp
2,176 ekt

**Quezon**
Berong Nickel Corp
288 ekt

**Sofronio Española**
Pyramid Hills Mining & Industrial

**Rizal**

**Brooke's Point**
Ipilan Nickel Corp
2,835 ekt.
Macroasia Mining Corp
1,113 ekt.

**Bataraza**
Riotuba Nickel Mining Corp
5,265 ekt.
Coral Bay Nickel Corp

nagmumula sa miniminang *nickel*. Ang paulit-ulit na pagkalantad (exposure) dito ay maaaring magdulot ng mga problema sa baga tulad ng *asthma*, *bronchitis*, pangangati, problema sa daanan ng hangin at kanser sa baga.

Ang mga ito ang dahilan ng pagtutol ng mamamayang Palaweño sa mina—lehitimo at makatarungan hindi lamang para pangalagaan ang kanilang sariling interes, kundi ang kaligtasan at pag-iral ng mamamayang Palaweño. Sa kabila nito, kibit-balikat lamang ang estado, laluna ang lokal na gubyerno ng probinsya. Pinahihintulutan pa nila ang bagong mga aplikasyon, o di kaya'y pagbabalik-operasyon ng dati nang mga kinamumuhiang mapaminsalang kumpanya ng mina sa probinsya. Mas malupit, marahas na sinusupil nila gamit ang AFP-PNP-CAFGU, mga *goons* ng kumpanya sa mina at ng armadong pwersa ng US ang nagkakaisang paglaban ng mamamayan tulad ng ginawa nila sa mga mamamayan ng Brooke's Point. APL

## Mga kabataan sa Roxas, nilinlang ng 2nd Palawan PMFC

Nilinlang ang mga kabataan sa idinaos na tatlong araw na Youth Camp na pinangunahan ng 2nd Palawan Provincial Mobile Force Company (PMFC) sa Brgy. San Isidro, Roxas. Layunin umano ng aktibidad na bigyang edukasyon ang mga kabataan kontra-droga at terorismo kung saan tampok ang paninira sa CPP-NPA-NDFP. Ikinukubli ng mga ganitong aktibidad ang tunay na suliranin ng kabataang Pilipino sa libre at de-kalidad na edukasyon at ikinukupot sa problema sa droga at "terorismo". APL

## US, pakitang-gilas sa pag*rescue* sa mga nawawalang *diver* sa lumubog na yate sa Tubbataha

Nagpakitang-gilas ang US sa kagyat na pagresponde sa lumubog na yate sa Tubbataha Reef Natural Park, Puerto Princesa City noong Abril 30. Kagyat na ipinadala ng US ang P-8 Poseidon at ang V-22 Osprey, mga *aircraft* ng US na nasa mga base nito sa ilalim ng EDCA, partikular sa Antonio Bautista Airbase sa Puerto Princesa City, Palawan at Benito Ebuen Air Base sa Mactan, Cebu.

Lumubog ang MV Dream Keeper lulan ang 32 katao—15 ang *crew members*, 12 ang mga pasahero kabilang ang limang *dive master*. Naisalba ang 28 sa kanila habang nananatili pa ring nawawala ang apat pa. APL

## ANO ANG US P-8 POSEIDON at V-22 OSPREY?




P-8 Poseidon

V-22 Osprey



Kapwa mga eroplanong militar na ginawa ng kumpanyang Boeing para sa paggamit ng US Navy. Ang P-8 Poseidon ay may kakayahang tumukoy ng mga bomba at mga sasakyang militar sa ilalim ng tubig o dagat kaya tinagurian itong *mine sweeper*. Ang V-22 Osprey naman ay karaniwang ginagamit bilang sasakyan o kargahan. Kargado ito ng mga kagamitan tulad ng *camera* na may kakayahan sa *night vision*, sistema ng *infrared*, GPS at iba pang *censor*. Maaari rin itong kargahan ng mga armas tulad ng .50 *caliber machine gun*, mga bomba at iba pa. APL

# Palawan, Mindoro kinokonsiderang ideyal na lokasyon para sa *nuclear reactor facilities*

Ipinahayag ng administrasyong US-Marcos II na kinokonsidera ang probinsya ng Palawan bilang ideyal na lokasyon para sa *modular small nuclear reactor* (MSNR) *facilities* upang masolusyunan na raw ang palagiang pagkawala ng kuryente.

Sa pagtutulak ng ahensya nitong Philippine Nuclear Research Institute (PNRI), malaki ang potensyal sa mga ganitong pasilidad laluna ang mga islang *off-grid* kabilang ang lalawigan, maging ang Occidental Mindoro at Catanduanes, na humaharap sa papalalang kakulangan ng kuryente. Suportado rin ito ng dating gobernador ng Palawan na ngayon ay *congressman* na si Jose Chavez Alvarez.

Sinabi ni Andrei bon Guerrero, tagapagsalita ng BVC - NPA Palawan na kahangalang idina-dahilan ni Marcos Jr., kasabwat sila Alvarez, ang di istableng suplay ng kuryente sa iba't ibang bahagi ng bansa at Palawan para bigyang katwiran ang nasabing teknolohiyang militar sa ngalan ng pagpapalakas ng turismo at higit pang paglalako ng kalikasan sa mga isla.

Kahit sa ilang mga isinagawang pananaliksik, ang inilalakong SMR, isang anyo ng plantang nukleyar, ay hindi estableng enerhiyang nukleyar, hindi pa napatutunayan ang epektibidad, napakamahal at magdudulot ng malaking panganib sa mga komunidad malapit sa pagtatayuan nito.

Batay sa kanilang pagsisiyasat, pinapasinungalingan ng BVC - NPA Palawan ang epektibidad at katipiran ng mga pasilidad. Napag-alamang nakagugulantang ang presyong $89 kada *megawatt-hour* (MWH) mula sa SMR kumpara sa $40/MWH presyo ng produksyon mula sa enerhiyang *solar* at $30/MWH sa hangin (datos noong 2020). Pagsapit ng 2030, tinatayang nasa $20/MWH na lamang ang gastos sa produksyon mula sa enerhiyang *solar* at hangin habang posibleng umabot sa $200/MWH sa SMR.

Idiniin ng BVC na ang tunay na dahilan sa likod nito ay ang pagpapatupad ng pinirmahang kasunduang 123 Agreement Negotiations for Civil Nuclear Energy Cooperation sa pagitan ng US at ng papet na rehimeng Marcos II nang bumisita si US Vice President Kamala Harris sa bansa noong nakaraang taon. Laman ng kasunduang ito ang pag-eeksport ng US ng kagamitang nukleyar at materyal sa Pilipinas at pagdedeploy ng US ng *advanced nuclear reactor technology* sa bansa. Labag ito sa pinirmahang mga kasunduan ng reaksyunaryong estado para sa *nuclear non-proliferation* (pagbabawal para sa produksyon ng mga armas nukleyar). Nasa balangkas din ng nasabing kasunduan at pagtatayo ng mga SMR sa bansa ang paghahanda ng imperyalismong US para sa digma sa rehiyong Indo-Pacific.

"Dapat na kundenahin at tutulan ng sambayanan ang planong pagtatayo ng mga pasilidad ng SMR sa Palawan at iba pang bahagi ng bansa. Kasabay nito, isulong ang pagpapaunlad ng ligtas at sustenableng *renewable energy*. Mariin ding tutulan ang mapanganib na teknolohiyang nukleyar na nagsisilbi sa interes ng imperyalismo. Singilin ang papet na rehimen at lokal na reakyunaryong gubyerno sa pagiging sunud-sunuran nito sa imperyalismong US na gawing lunsaran ng mga eksperimentong militar at nukleyar ang bansa sa kapinsalaan ng mamamayan," panawagan ni Guerrero. APL

# Karagdagang yunit ng AFP, idineploy sa Palawan

Itinalaga sa Palawan ang karagdagang yunit ng AFP nitong Hunyo 17, ang Marine Battalion Landing Team (MBLT)-9 para umano sa pagpapalakas ng kakayahang militar nito sa pagpapanatili ng seguri-dad, kapayapaan at pag-unlad. Inilunsad ang pagsalubong sa nasabing yunit sa *pier* ng Puerto Princesa City sa pangunguna ni 3rd Marine Brigade *deputy commander* Col. Wilfredo Manalang. Sa kabuuan, may tatlo nang batalyon ng Philippine Marine Corps ang nakadeploy sa probinsya—ang bagong dating na MBLT-9, ang MBLT-3 na nakadeploy sa hilaga at ang MBLT-4 na nakadeploy sa timog sa ilalim ng WESCOM.

Itinuturing na ispesyal na yunit ang MBLT-9 na bumubuo sa 1st Marine Amphibious Ready Unit (MARU) ng Philippine Marine Corps dahil sa kapasidad nito bilang *amphibious force* o may kakayahang kumilos sa tubig at sa lupa. Pokus umano ng yunit ang pamilyarisasyon ng *joint operational area* na magpapalakas sa kakayahang maglunsad ng operasyon nang walang hangganan sa mahusay na pangangasiwa sa mga rekurso nito para tugunan ang mga emerhensya tulad ng *humanitarian assistance and disaster response* (HADR). APL

# Planong pagpapalawak ng Nickel Asia, banta sa mamamayan at kalikasan

Sa muling paghahangad ng papalaking kita at saklaw ng dadambunging kalupaan, ang Nickel Asia Corp., ang pinakamalaking prodyuser ng *nickel ore* sa Pilipinas, ay uma-asang sa kakaharaping tatlong taon ay makapagbukas pa ng mga minahan sa dalawang magkahiwalay na lokasyon, habang sa proseso ay pinag-aaralan namang makapagtayo pa ng dagdag na *processing plant*, ayon sa *chief executive* nito.

Ayon sa presidente at CEO ng Nickel Asia na si Martin Antonio Zamora, nais pa nilang palobohin ang kanilang ganansya sa pagtanaw at pangangailangan ng mamuhunan ang kumpanya sa *renewable energy business.* Titiyakin muna nila ito bago ipasok ito sa *initial public offering* - na sa loob ng tatlo ring taon ay magbunga, tulad ng mga nabanggit na minahan.

Ang Nickel Asia, na kasosyo sa pagpapagana ng tanging dalawang *nickel ore processing plants* sa bansa at *partly-owned* ng Sumitomo Metal Mining Co. Ltd., ay tumatarget ng taunang produksyon ng *nickel ore* ng hindi bababa sa 4 milyong *wet metric tonnes* (WMT) mula sa minahan ng Bulanjao, malapit sa kasalukuyang Rio Tuba *mining site* na nasa timog-kanlurang Palawan, liban pa sa mahigit 2 milyon WMT naman ng Manicani *mine* sa *central* Samar *province*.

Asahan ang mas papalawak na mapanirang operasyon ng kumpanya sa pagtanaw rin nito na palakihin ang *ore shipments* mula sa minahan ng Dinapigue, gawi ng hilaga-silangang Isabela, ganundin sa pagpapaunlad sa Kepha *site*, malapit sa gumaganang Taganito *mine* sa silangang bahagi ng Surigao del Norte, ay magluluwal umano ng paunang *annual production* na 2 milyong WMT.

Bagamat dominado nito ang merkado, sinabing bumaba raw ang *sales volume* ng korporasyon ng 11.2% nuong 2022 kumpara sa taong 2021 kahit na nakapagbenta ito ng 15.93 milyong WMT *nickel ore* mula sa kasalukuyang apat nitong minahan: ang dahilan umano ay sa hindi-maiging kondisyon ng panahon sa mga isla.

Gusto ng malalaking burgesya kumprador sa bansa na makapaghatak pa ng mga mamumuhunan para sa *domestic processing* o lokal na pagpoproseso ng mineral laluna't ang ating bayan ay may ekonomyang pre-industriyal na sumasandig sa mga katulad na *extractive industries* (minahan) at palagiang umaasa sa patakarang *import-dependent, export-oriented*.




Ang *nickel* ay sangkap sa paggawa ng *stainless steel* at *electric vehicle batteries*. Ang China bilang nangungunang konsyumer ng bakal, ay pangunahing sinusuplayan ng *nickel ore* ng Pilipinas.

# Pagkakatalaga kay Benjamin Acorda Jr. bilang bagong PNP *chief*, binatikos

Umani ng pagbatikos mula sa mga progresibong grupo ang pagkakatalaga kay Maj. Gen. Benjamin Acorda Jr. bilang bagong lider ng Philippine National Police. Si Acorda ay kapwa Ilokano ni Marcos Jr. na nagsilbi bilang dating Director for Intelligence, at hepe ng Palawan Police Provincial Office. Kilala ito sa kanyang kontra-rebolusyonaryong rekord sa pagpapatupad ng pasistang patakaran at programa sa pagtugon sa "panloob na seguridad" at "kontra-terorismo" at laban sa droga.

Dahil dito, nagbabala si Alliance of Concerned Teachers *party-list* Rep. France Castro sa *regionalistic patronage appointment*.

"Umaasa akong hindi maging isa na namang *regionalistic patronage appointment* – ginawa na ito mismo ng ama niyang diktador na si Ferdinand Marcos Sr., parehas lang rin ni (dating pangulong) Rodrigo Duterte," saad ni Castro sa isang hiwalay na pahayag.

Dagdag pa niya, "Ang mga ganitong pagtatalaga ay lalong lumilikha ng panghahati at iringan sa mga opisyales, na nagluluwal ng palagiang girian sa kanilang hanay. Nagreresulta rin ito sa lumalala at dumaraming paglabag sa karapatang pantao para lamang makapagpasikat sa mismong *commander-in-chief* nila sa paghahangad ng mas mataas na ranggo at pusisyon."

# Tuluy-tuloy na pakikibaka ng mamamayan at mga katutubo ng Brooke's Point laban sa mina

Hindi natinag bagkus tuluy-tuloy ang pagtutol at paglaban ng mga katutubo at mamamayan ng Brooke's Point. Hiniling nila ang tulong ng UN Permanent Forum on Indigenous Issues at ng Special Rapporteur on the Rights of Indigenous Peoples dulot ng tumitinding kontrobersiya kaugnay sa pagpupumilit ng Ipilan Nickel Corporation (INC) na makapagmina sa kanilang lupang ninuno.

Ayon sa pahayag ng Palaw'an *cultural community* at Mga Kalebonan Et Bicamm (MKE-BICAMM), hindi maayos na tinugunan ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) ang kanilang reklamo tungkol sa pang-aabuso ng kumpanya ng mina at pagsasapanganib ng operasyon nito sa kanilang kultura at kabuhayan. Walang tugon ang NCIP sa ilang beses na pakikipag-ugnayan, at dayalog sa mismong tagapangulo nitong si Allen Capuyan mula pa noong unang bahagi ng taong ito.

Ilan sa mga usaping nais talakayin ng mga katutubong komunidad ay ang pagtatayo ng pader at tuluy-tuloy na pagwasak ng kagubatan para sa lalong pagpapayaman ng INC. Ayon sa mga samahan ng katutubo, hindi sila papayag sa pagdambong sa lupaing ninuno dahil hindi lamang sagrado at lugar ito ng pangangaso - magkaugnay ito nang mahigpit sa mga katutubo at sa kanilang kultura. "...ang pagkawala ng lupaing ninuno ay nangangahulugan ng pagkawala ng Palaw'an Cultural Community," dagdag nila.

Sinisi rin ng mga grupo ang pagkabigo ng NCIP na ipaalam sa kanila ang mga mandato, batas, at polisiya na itinakda, o magbigay man lang ng tulong o gabay sa pagpapaunawa sa mga proseso tulad ng FBI (field-based investigation) at FPIC (free and prior informed consent) *procedures*. Kabilang ang mga ito sa matagal nang ipinaaabot na mga karaingan kay Capuyan.

Sinuportahan ni Bishop Socrates Mesiona ng Puerto Princesa at Broderick Pabillo ng Taytay ang mga karaingan ng mga katutubo at mamamayang Palaweño sa inilabas na *joint pastoral statement* nitong Abril 18. Hinikayat nila si Marcos Jr. na permanenteng itigil na ang mga operasyon ng INC at mga katulad nitong kumpanya sa mga protektadong erya at *watershed*. Ito ay inilabas matapos maganap ang marahas na *dispersal* at iligal na pag-aresto ng mga awtoridad sa mga nagpoprotesta noong Abril 14.

Matatandaang sangkot sa insidenteng ito ang mga *security guard* ng INC at 30 pulis na naka-*back up* sa mga *security guard* at hindi man lamang natigatig sa ginagawang pandarahas ng mga ahente ng INC. Iligal nilang idinetine ang anim na residente ng mga barangay ng Aribungos, New Panay, Maasin at Ipilan.

Samantala, nakiisa sa panawagan ng mamamayan ng Brooke's Point ang NDFP-Palawan na suportahan ang kanilang makatwirang laban sa mapaminsalang mina. Ayon kay Leona Paragua, tagapagsalita ng NDFP-Palawan, "Lehitimo at mahigpit na nakaugnay sa pakikibaka para sa pagtatanggol laban sa pangangamkam, pagdambong at pagwasak sa kalikasan ng mga dambuhalang kumpanyang lokal at dayuhan—na lahat ay nakakabit sa kordon ng imperyalismo."

Panghuli, sinabi ni Paragua na "Kasabay nito, nararapat na patuloy at higit pang pag-ibayuhin nila ang kanilang pakikibaka laban sa mapaminsalang operasyon ng INC at hindi tumigil rito. Dapat ibunsod ang malakas na kilusang masang anti-mina at lahat ng mapaminsalang proyektong dayuhan at lokal sa probinsya. Dapat itong iugnay sa pakikibaka ng iba't ibang sektor para sa kabuhayan, at itaas sa pakikibaka laban sa imperyalismo."



# KULTURA

## *Para kanino ka, Palawan?*

ni Ka Maiseg

Kabigha-bighani ang dalisay at kariktan mong taglay
Mga punong matatayog, katubigang kristal sa linaw
Mapuputi ang buhanging kaypino sa dalampasigan
Dambuhalang mga bato sa mga kweba ng kasaysayan

Paraguang silong ng mga nabubuhay ang birheng kagubatan
Ang mga isda, mga ibon, sa dagat mo't langit nagpapaligsahan
Bawat halama'y sumisibol sa matabang lupang napagtatamnan
Ikaw nga ang aming paraiso, aming sintang Palawan

Ngunit sa pagtuklas sa bawat mong kayamanan
Dayuhan naglalaway, ginagawa kang kalakal
Sa ngalan ng turismo, inilalako ka't nilalapastangan
Habang kaming Palaweño'y inalisan nila ng tahanan!

Inaangkin ng dayuhang mina ang bawat mong mineral
Kinakalbo ang gubat, pinapasabog ang kabundukan
Unti-unti ka nilang ginagahis, pinapaslang
At ang itinitira sa amin ay malalaking hukay!

Umaangal ang mga puno sa iligal na pagputol
Tumatangis ang mga ilog sa lasong dumadaloy
Sa pagkawasak ng tirahan, mga hayop nananaghoy
Nagluluksa ang lahat sa kalikasan mong nakaburol

Paano na lamang kaming sa iyo nabubuhay?
Nananatiling dukha, api at pinagsasamantalahan
Higpit ng sinturon sa sikmurang kumakalam
Ang yaman mong alay sa amin, iba ang nakikinabang!

Magsasaka'y gutom, mangingisda'y lunod sa kahirapan
Lupaing ninuno ng mga katutubo'y kinakamkam
Mga karapatang panlipunan, ni hindi abot-kamay
At kapag kami'y nanawagan, tugon ng WesCom ay karahasan

Hangad naming mapalaya ka, minamahal na Palawan
Ubos-kayang ipagtatanggol ka ng iyong mamamayan
Ang mga Palaweñong sinagad nila'y mamumulat, lalaban
Walang ibang sagot kundi ang digmang bayan!

Bawat ihip sa supok, bawat bigwas ng gulok
Bawat kalabit ng riple, mga putok at pagsabog
Sa kaaway ng sambayanan, sa rehimen itututok
Tutunguhin ng imperyalismo'y tiyak na pagbulusok!

At sa kaganapan ng tagumpay ng rebolusyon,
ang yamang likas mo, Palawa'y maliligtas sa pagkaubos..

